Kapag ang tubig ay dalawang qullah, hindi ito magdadala ng karumihan."}

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Tinanong ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa tubig at anumang iniinuman ng mga hayop na maaamo at mababangis, kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kapag ang tubig ay dalawang qullah, hindi ito magdadala ng karumihan."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām An-Nasā'īy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Tinanong ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) tungkol sa kahatulan ng kadalisayan ng tubig na pinupuntahan ng mga maamong hayop at mga mabangis na hayop para inuman at tulad nito, kaya nagsabi siya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang tubig, kapag umabot ang sukat nito sa dalawang malaking tapayan na nakatutumbas sa 210 litro, tunay na ito ay tubig na marami na hindi nagiging najis malibang kapag nag-iba dahil sa isang karumihan ang isa sa tatlong pagkakalarawan dito: ang kulay nito o ang lasa nito o ang amoy nito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8357